Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-03 NG OKTUBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:30 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

KGG. MA. ROMA R. TABLICO ----------- *Pansamantalang Tagapangulo ng Sesyon*
KGG. MODESTO B. ABADIER ----------- Kagawad
KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA ----------- Kagawad
KGG. IRENEO R. BALDOVINO ----------- Kagawad
KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO ----------- Kagawad
KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES ----------- Kagawad
KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. ----------- Kagawad
KGG. ARIEL D. AÑONUEVO ----------- Pangulo-LnB
KGG. DONNIE L. DE VENECIA ----------- Pangulo-SKF

**DI-NAKADALO:**

KGG. BELEN B. RAGA -----------Pangalawang Punumbayan *(Nasa Opisyal na Gawain)*

KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY -----------Kagawad *(Nasa Opisyal na Gawain)*

**KAPASIYAHANG BLG. 60 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA OWNER/CEO NG PROTECH CONSTRUCTION AND DEVELOPMENT CORPORATION, ENGR. JOEVIE A. SARDUA NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG LUMBAN NG TATLONG (3) LARSSEN SHEET PILING UPANG MAILAGAY SA BUKANA NG ILOG LUMBAN.**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**
**Tagapangulo ng Lupon ng Pagsasaka**

**SAPAGKAT**, tuwing sumasapit ang panahon ng habagat ay pumapasok ang mga water lily sa kailugan na siyang nagiging sanhi ng pagbabara ng kailugan at dahilan upang ang ating mga mangingisda ay hindi makapangisda sa Lawa ng Laguna;

**SAPAGKAT**, tuwing barado ng water lily ang ating kailugan ay maraming pamilya ng mga mangingisda ang dumaranas ng paghihirap sa buhay dahilan sa tanging pangingisda lamang ang kanilang inaasahan sa pang araw-araw na pangangailangan;

**SAPAGKAT**, mabilis ang pagdami ng water lilies kung kaya kailangan talagang maharangan ang bukana ng Ilog Lumban nang sa gayon ay malayang makapalaot ng mga mangingisda.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino** na pinangalawahan ni Kgg. Modesto B. Abadier, Kgg. Rose Ann R. Añonuevo at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang kahilingan sa Owner/CEO ng Protech Construction And Development Corporation, Engr. Joevie A. Sardua na mapagkalooban ang Pamahalaang Bayan ng Lumban ng tatlong (3) larssen sheet piling upang mailagay sa bukana ng ilog lumban.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Protech Construction and Development Corporation na pinamumunuan ni Director Engr. Joevie A. Sardua at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-03 ng Oktubre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**MA. ROMA R. TABLICO**
*Pansamantalang Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt100322res60*